# *Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 10*
# *Pagtupad sa Iyong mga Panata sa Dios*

***"1 Dinggin mo ang aking daing, Oh Dios; pakinggan mo ang aking dalangin. 2 Mula sa wakas ng lupa ay tatawag ako sa iyo, pagka nanglupaypay ang aking puso: patnubayan mo ako sa malaking bato na lalong mataas kay sa akin. 3 Sapagka't ikaw ay naging aking kanlungan, matibay na moog sa kaaway. 4 Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo magpakailan man: ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak. (Selah). 5 Sapagka't dininig mo, Oh Dios, ang aking mga panata: ibinigay mo ang mana sa nangatatakot sa iyong pangalan. 6 Iyong pahahabain ang buhay ng hari: Ang kaniyang mga taon ay magiging parang malaong panahon. 7 Siya'y tatahan sa harap ng Dios magpakailan man: Oh maghanda ka ng kagandahang-loob at katotohanan, upang mapalagi siya. 8 Sa gayo'y aawit ako ng pagpuri sa iyong pangalan magpakailan man. Upang maisagawa ko araw-araw ang aking mga panata." (Awit 61:1-6 KJV)***

Ang pagpapanatili at pagtupad sa mga panata ay isang pangako at daan upang maipakita ang iyong katapatan sa Dios at sa Kanyang Salita at sa Kanyang Cristo. Hindi ka maaaring sumunod sa Dios at tumalima kay Cristo kung hindi mo tutuparin ang iyong pangako at manatili sa Kanyang Salita upang matanggap mo ang Kanyang mga pangako. Malinaw na sinabi ni Cristo ito, ***"46 At bakit tinatawag ninyo ako, Panginoon, Panginoon, at di ninyo ginagawa ang mga bagay na aking sinasabi?" (Lucas 6:46 KJV)*** Ang katapatan kay Cristo ito ay magiging tunay lamang at isasaalang alang kapag sinunod at ginawa mo ang sinasabi Niya sa Kanyang Salita. ***Sapagka't dininig mo, Oh Dios, ang aking mga panata:"*** Ipinakita dito na naunawaan ni David na kung ipapangako niya ang kanyang buhay sa Dios, sa gayon kailangan niyang tumalima at gawin ang sinasabi ng Dios. Sinabi pa niya, ***"ibinigay mo ang mana sa nangatatakot sa iyong pangalan."*** Ipinahayag ni David na natanggap niya ang mana ng Dios, ang walang hanggang buhay, at ang Kanyang mga pagpapala na ibinigay sa mga nangangatakot sa Kanya. Sa paggawa ng mga panata sa Dios na kasabay ng Kanyang Salita at pagtupad sa mga ito, ipinapakita nito na ang isang indibidwal na taong natatakot sa Dios, at sa huli 'y magiging karapat-dapat ang taong iyon na tumanggap, ng buhay na walang hanggan, mga gantimpala at pagpapala mula sa Diyos.

Si Haring David ay nasa kaguluhan at siya ay nangangailangan ng tulong ng Dios. Siya ay nanalangin at ipinahayag ang kanyang kahilingan at pagsusumamo sa Panginoon, ***"1 Dinggin mo ang aking daing, Oh Dios; pakinggan mo ang aking dalangin. 2 Mula sa wakas ng lupa ay tatawag ako sa iyo, pagka nanglupaypay ang aking puso: patnubayan mo ako sa malaking bato na lalong mataas kay sa akin. 3 Sapagka't ikaw ay naging aking kanlungan, matibay na moog sa kaaway. 4 Ako'y tatahan sa iyong tabernakulo magpakailan man: ako'y manganganlong sa lilim ng iyong mga pakpak. (Selah)." (Awit 61:1-4 KJV)*** Si David kasama pati na rin ang kanyang mga panata na itinuturing niyang bahagi ng kanyang mga kahilingan sa panalangin at yaon ay kailangan niyang tuparin dahil tiyak na tutulungan siya ng Dios at tutuparin ang kanyang mga kahilingan nang sabihin niya, ***"5 Sapagka't dininig mo, Oh Dios, ang aking mga panata: ibinigay mo ang mana sa nangatatakot sa iyong pangalan." (Awit 61:5 KJV)***

Ang buhay at mga pagsubok para kay David ay isang pasimula nang hanay ng pangako at mg panata sa Dios. Nagpatuloy pa siya sa mga panalangin at panayam kasama ang Diyos na nagsasabi sa kanya ng mga sumusunod: ***"6 Iyong pahahabain ang buhay ng hari: Ang kaniyang mga taon ay magiging parang malaong panahon. 7 Siya'y tatahan sa harap ng Dios magpakailan man: Oh maghanda ka ng kagandahang-loob at katotohanan, upang mapalagi siya. 8 Sa gayo'y aawit ako ng pagpuri sa iyong pangalan magpakailan man. Upang maisagawa ko araw-araw ang aking mga panata." (Awit 61:1-6 KJV)*** Inangkin ni David ang isang mahabang buhay, at yaon ay palaging nasa luklukan ng presensya ng Dios upang lasapin ang pagibig, awa at katapatan ng Dios. Kaya ipinangako niya sa Dios na siya ay magpapatuloy na magpupuri sa Dios at tutuparin ang kanyang mga panata sa Kanya sa araw araw. Naunawaan ni David na hindi niya lamang matatanggap kundi kailangan niya ring magbigay. Sa parehong paraan sa iyo, kailangan mong ibalik sa Dios ang iyong mga panata at iyong pangako upang sundin Siya, sa Kanyang Salita at sa Kanyang mga daan, Kung nais mong tumanggap lamang sa gayon hindi ka mapapasa Kaharian ng Dios.

*Ang katulad sa iyo ngayon, ang mga pangyayari sa buhay at mga pagsubok sa atin ay dapat maging pasimula ng mga pagkakasunod-sunod ng pangako at mga panata sa Dios. Ang mga alagad ni Jesus at pagka Cristiano ay pangako at kahandaang makinig at sumunod sa Salita ng Dios at tanggapin ang mga pangako ng Dios at magagawa nating pagdaanan ang mga pagsubok at kahirapan sa buhay. Sa paggawa ng panata sa Dios ay bahagi ng isang kahilingan sa panalangin pagtatalaga sa iyong sarili na sumunod sa Dios at gawin ang natatanging bagay para sa Kanya habang pinapagana ka Niya at ginagawa kang angkop na gawin iyon ayon sa Kanyang Salita.

Sinabi ni David, ***"1 Ang kapurihan ay naghihintay sa iyo, Oh Dios, sa Sion: at sa iyo'y maisasagawa ang panata.*** 2 ***Oh ikaw na dumidinig ng dalangin, sa iyo'y paroroon ang lahat ng laman." (Awit 65:1-2 KJV)*** Mga pagsubok at pangyayari sa buhay ay magpapakumbaba sa mga tao at manginig sila sa takot at sa huli

pangunahan silang ipangako ang kanilang buhay upang sumunod sa Dios at upang tuparin ang Kanyang kalooban sa kanilang buhay. Kaya, gamitin ang mga kahirapan at pagsubok na iyong pinagdadaanan upang lumapit sa Dios, ipangako ang iyong sarili sa Kanya, na ihandog ang iyong buhay para paglingkuran Siya, at upang ang iyong mga pagsubok na iyong pinagdadaanan ay maging tagumpay sa iyong buhay.

Si Jacob na anak ni Isaac, ang anak ni Abraham, sa pangyayari ng pagtakas niya sa kanyang kapatid na si Esau, ipinahayag ng Dios ang kanyang sarili sa kanya, gaya ng mababasa natin dito, ***"10 At umalis si Jacob sa Beerseba at napasa dakong Haran. 11 At dumating sa isang dako, at nagparaan ng buong gabi roon, sapagka't lumubog na ang araw; at kumuha ng isa sa mga bato sa dakong yaon, at inilagay sa kaniyang ulunan, at nahiga sa dakong yaon upang matulog. 12 At nanaginip, at narito, ang isang hagdan, na ang puno ay nasa lupa, at ang dulo ay umaabot sa langit; at narito, ang mga anghel ng Dios na nagmamanhik manaog doon. 13 At, narito, ang Panginoon ay nasa kataastaasan niyaon, at nagsabi, Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac: ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi; 14 At ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at kakalat ka sa kalunuran, at sa silanganan, at sa hilagaan, at sa timugan at sa iyo at sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa. 15 At, narito't ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon, at pababalikin kita sa lupaing ito sapagka't hindi kita iiwan hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo." (Genesis 28:10-15 KJV)*** Si Jacob ay napagod, at kaya nang nais niyang matulog, wala siyang kama, ngunit gumawa siya ng mga bato na kanyang unan. Nagpakita ang Panginooon sa Kanya nang gabing iyon at ipinahayag ang Kanyang sarili at ang Kanyang mga pangako sa kanya gaya ng mga sumusunod:

***1. Ako ang Panginoon, ang Dios ni Abraham na iyong ama, at ang Dios ni Isaac":*** Ipinakilala ng Dios ang Kanyang sarili kay Jacob bilang tanging totoong Dios ng kanyang mga ama.

***2. "Ang lupang kinahihigaan mo ay ibibigay ko sa iyo at sa iyong binhi";*** Bagamat wala ni isang higaan ni unan si Jacob sa lupaing iyon upang matulog ngunit ipinangako sa kanya ng Diyos na ibibigay Niya sa kanya ang lupain na kanyang tinutulugan.

***3. "At ang iyong binhi ay magiging parang alabok sa lupa, at kakalat ka sa kalunuran, at sa silanganan, at sa hilagaan, at sa timugan at sa iyo.*** Ipinangako ng Dios sa kanya ang pagpaparami at ang paglago ng kanyang mga salinlahi.

***4. "At sa iyong binhi ay pagpapalain ang lahat ng angkan sa lupa".*** Ipinanagko ni Jacob na ang ibang pamilya sa sanglibutan ay magiging mapalad sa pamamagitan ng kanyang buhay.

***5. "At, narito't ako'y sumasa iyo, at iingatan kita saan ka man pumaroon,"*** Ipinangako ng Dios kay Jacob na Siya ay sasakanya, maglalaan para sa kanya, at iingatan siya, saan man siya pumaroon.

***6. "At pababalikin kita sa lupaing ito."*** Ipinangako ng Dios sa kanya na pababalikin Siya sa lupaing iyon, na sa huli'y ibibigay sa kanya sa lupaing ito at sa kanyang mga salinlahi.

***7. "Sapagka't hindi kita iiwan hanggang hindi ko magawa ang sinalita ko sa iyo."*** Ipinangako ng Dios kay Jacob na hindi Niya siya iiwan hanggang hindi Niya natutupad ang lahat ng Kanyang ipinangako sa kanya.

Ang Dios sa panaginip na iyon ay nagbigay kay Jacob ng kamangha manghang mga pangako. Kaya nang si Jacob ay nagising mula sa kanyang pagkakatulog napagtanto niya na ang Dios ay naroon sa dakong iyon, at ang dakong iyon ay ang bahay ng Dios at ang pintuan ng Langit. ***"16 At nagising si Jacob sa kaniyang panaginip, at nagsabi, Tunay na ang Panginoon ay nasa dakong ito, at hindi ko nalalaman. 17 At siya'y natakot, at kaniyang sinabi, Kakilakilabot na dako ito! ito'y hindi iba kundi bahay ng Dios, at ito ang pintuan ng langit." (Genesis 28:16-17 KJV)*** Ang pagsubok na pinagdaanan ni Jacob ay pinakumbaba siya at inihanda siya na makatagpo ang Dios at ibahagi sa kanya ang takot sa Dios sa Kanyang buhay sapagkat, ***"At siya'y natakot, at kaniyang sinabi, Kakilakilabot na dako ito!"*** Kahit ngayon, anumang pagsubok na pinagdadaanan mo, isaalang alang ito ng isang daan para sa iyo upang makilala ang Dios, Huwag sabihin na ang Dios ay wala doon dahil sa iyong paghihirap kundi magtiwala sa Dios na siya naririyan lamang sa iyong tabi.

Sa gayon nang siya ay bumangon, kinuha niya ang bato na ginamit niya bilang kanyang unan, itinayo ito bilang haligi at binuhusan ito ng langis at pinangalanan itong Bethel, sapagkat kinaroroonan ito bilang bahay ng Dios, ***"18 At si Jacob ay bumangong maaga ng kinaumagahan, at kinuha ang batong kaniyang inilagay sa ulunan niya, at kaniyang itinayo na pinakaalaala, at kaniyang binuhusan ng langis sa ibabaw. 19 At ang ipinangalan niya sa dakong yaon ay Betel: datapuwa't ang pangalan ng bayan nang una ay Luz. 20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios, 22 At ang***

***batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo." (Genesis 28 :18-22 KJV)*** Iyon ay katumbas ng Simbahan ng Dios ngayon sapagkat ang kahulugan ay ang bahay ng Dios,

Dagdag pa tumugon si Jacob sa biyayang iyon ng Dios at sa lahat ng Kanyang mabubuting pangako, ipinangako niya ang kanyang sarili sa Dios ng sumusunod na mga panata, ***"20 At si Jacob ay nagpanata, na sinasabi, Kung sasaakin ang Dios, at ako'y iingatan sa daang ito na aking nilalakaran, at ako'y bibigyan ng tinapay na makakain, at damit na maisusuot, 21 Na ano pa't ako'y makabalik na payapa sa bahay ng aking ama, ay ang Panginoon nga ang magiging aking Dios, 22 At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios; at sa lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo." (Genesis 28: 20-22 KJV)*** Bilang ipinakita ng Dios ang Kanyang mga pangako at mabuting plano para kay Jacob, ipinangako niya ang kanyang sarili sa Panginoon. Ang katulad sa iyo ngayon bilang ipinahayag ng Dios ang Kanyang mabubuting plano sa iyo sa gayon kailangan mong ipangako ang iyong sarili sa Dios gaya ni Jacob na ipinangako ang kanyang sarili sa Dios sa sumusunod na mga aspeto:

***A. Ang pagka Panginoon ng Dios sa iyong buhay, "Ang PANGINOON ay magiging aking Dios":*** Ang Dios dapat ang maging Panginoon sa iyong buong buhay. Siya dapat ang isa na mangunguna sa iyo at pangunguna sa iyong buhay sa paraan na kailangan ka Niyang kumilos at yumaon. Hindi ka dapat maging panginoon sa iyong buhay kundi ang Panginoon ang dapat na nasa trono ng iyong buhay. Hindi mo maaaring gawin kung ano ang gusto mo at magpasya kung ano ang nais mo. Ang Panginoon ang dapat magpasya para sa inyo at aakayin kayo sa daan ng kabutihan.

***B. Ang iyong pangako ay magiging bahagi ng simbahan ng Dios, "At ang batong ito na aking itinayo na pinakaalaala ay magiging bahay ng Dios";*** Ang simbahan ay ang pamilya ng Dios ang mga kasapi ay ang sangbahayan ng Dios. Nang ipinanganak tayo ng Dios sa pamamagitan ng pananampalataya kay Cristo Jesus na ating Panginoon inilagay Niya tayo sa Kanyang bahay at kasama ng Kanyang sangbahayan, ang simbahan. Kaya bilang ipinangako mo ang iyong sarili sa Dios kailangan mong ipangako ang iyong sarili sa simbahan ng Dios, upang paglingkuran ang Dios kasama ng lahat ng Kanyang pamilya at gawin ang iyong mga tungkulin at pananagutan sa simbahan na inilgay ng Dios sa iyo.

***C. Mga ikapu ng iyong kita, "at lahat ng ibigay mo sa akin ay walang pagsalang ang ikasangpung bahagi ay ibibigay ko sa iyo."*** Ang lahat ng mga bagay na iyong natatanggap ay mula sa Dios, at ikaw ay tinawag ng Dios upang ibigay sa Kanya ang ikasampung bahagi ng lahat ng iyong kinita o tinanggap. Ito ang iyong pananalaping pangako upang ang gawain ng Dios ay magpatuloy at ang Kanyang mga pagpapala ay patuloy na dumating sa iyong buhay.

Alam nating lubos na ang Panginoon ay kasama ni Jacob at pinaunlad Niya siya; at binigyan siya ng Diyos ng mga anak at kawan ng mga hayop at mga lalaking alipin at mga aliping babae, at inilabas Niya siya nang ligtas mula sa Haran at mula sa mga kamay ng kanyang tiyuhing si Laban at bumalik sa kanyang lupain. Kahit sa pagdating iniligtas ng Dios si Jacob at lahat nang nakuha niya mula sa kamay ng kanyang kapatid na si Esau na nais patayin siya. Ngayon ang panahon ay dumating kay Jacob na ibalik sa Dio at tuparin ang kanyang mga panata. Ngunit nang tinupad ng Dios ang lahat ng Kanyang ipinangako sa kanya, hindi tinupad ni Jacob ang kanyang mga pangako sa Dios, Ating basahin ang ginawa ni Jacob, ***"17 Datapuwa't kung ayaw ninyo kaming pakinggan, na kayo'y mangatuli; ay dadalhin nga namin ang aming anak na babae at kami ay yayaon. 18 At ang kanilang mga salita ay kinalugdan ni Hamor at ni Sichem, na anak ni Hamor. 19 At hindi iniliban ng binata ang paggawa niyaon, sapagka't nalugod siya sa anak na babae ni Jacob: at siya ang pinarangalang higit sa buong sangbahayan ng kaniyang ama. 20 At si Hamor at si Sichem na kaniyang anak ay napasa pintuang-bayan ng kanilang bayan, at sila'y nakiusap sa mga tao sa kanilang bayan, na sinasabi." (Genesis 33:17-20 KJV)*** Nakalimutan ni Jacob ang kanyang pangako sa Bethel, sa Simbahan ng Dios na ipinangako niya ang kanyang sarili doon; na ang Panginoon ang mamumuno sa kanyang buong buhay at kalooban, at ang dako kung saan mag iikapu sa lahat ng kanyang tinanggap mula sa Dios. Iyon ang nangyari sa buhay ng maraming mga alagad, kapag nakuha na nila ang kanilang gusto aalis sila sa simbahan at pababayaan ang lahat ng kanilang pangako at kinalimutan ang kanilang panata at ang kanilang ipinangako sa Dios at sa Kanyang simbahan. Sa pag-aalinlangan sa kanyang mga panata sa Diyos at sa paglabag sa kanyang pangako sa Panginoon, nalantad si Jacob sa banta at panganib na nagdulot ng mga problema sa kanya. Ang ***Genesis 34*** (Basahin ang buong kabanata sa iyong sariling Biblia) ay nagsasalita tungkol sa kanyang anak na babae Dina ay ginahasa ni Sichem na anak ni Hamor, at kung paano inilagay nina Levi at Simeon sa tabak ang buong bayan ng Sichem, at ang pangyayaring iyon ay naglagay sa buong pamilya ni Jacob sa ilalim ng isang malaking banta at kaguluhan. Ang lahat ay nangyari dahil tinalikuran ni Jacob ang kanyang pangako at hindi tinupad ang kanyang mga panata sa Dios.

Sa panahong iyon nang si Jacob ay nalagay sa mga kaguluhan, nakialam ang Panginoon, at inutusan siya na umahon sa dako kung saan niya tutuparin ang kanyang pangako at panata sa Dios: ***"1 At sinabi ng Dios kay***

***Jacob, Tumindig ka, umahon ka sa Bethel, at tumahan ka roon; at gumawa ka roon ng isang dambana sa Dios na napakita sa iyo nang ikaw ay tumatakas mula sa harap ng iyong kapatid na si Esau. 2 Nang magkagayo'y sinabi ni Jacob sa kaniyang sangbahayan, at sa lahat niyang kasama. Ihiwalay ninyo ang mga dios ng iba na nangasa inyo, at magpakalinis kayo, at magbago kayo ng inyong mga suot: 3 At tayo'y magsitindig at magsisampa tayo sa Bethel; at gagawa ako roon ng dambana sa Dios na sumagot sa akin sa araw ng aking kahapisan, at sumaakin sa daan na aking nilakaran. 4 At kanilang ibinigay kay Jacob ang lahat ng ibang pinaka dios na nasa kamay nila, at ang mga hikaw na nasa kanilang mga tainga; at itinago ni Jacob sa ilalim ng punong encina na malapit sa Sichem. 5 At sila'y naglakbay; at ang isang malaking sindak mula sa Dios ay sumabayan na nasa mga palibot nila, at hindi nila hinabol ang mga anak ni Jacob. 6 Sa gayo'y naparoon si Jacob sa Luz, na nasa lupain ng Canaan (na siyang Bethel), siya at ang buong bayang kasama niya. 7 At siya'y nagtayo roon ng isang dambana at tinawag niya ang dakong yaon na El-beth-el; sapagka't ang Dios ay napakita sa kaniya roon, nang siya'y tumatakas sa harap ng kaniyang kapatid." (Genesis 35:1-7 KJV)*** Kapag ipinangako mo ang iyong sarili sa Dios at kapag pinagpala ka Niya at naginhawaan ka at pagkatapos sinira mo ang iyong mga panata sa halip sa pagtupad sa mga ito, sa gayon ang mga kaguluhan, suliranin at pagkasira ay darating iyong buhay at sa buhay ng iyong pamilya at mga anak, at ikaw mapapa sa ilalim ng mga panganib. Makikita mo dito nang nag- alinlangan si Jacob sa kanyang pangako sa harapan ng Dios, ang kanyang pamilya ay napunta sa kamunduhan, imoralidad ay naganap ang pagpatay, at mg adios diosan at ipinakilala ang pagkaalipin at sila'y namumuhay sa kasalanan at sa hindi banal na pamumuhay. Maraming pamilya ay naapektuhan at nahawaan ng kasalanan at kamunduhan sahil nakalimutan ng mga magulang ang Dios at naging pabaya na ingatan ang kanilang pangako at kanilang mga panata sa Panginoon. Ang Dios ang Tanging nagbigay sa iyo ng lahat ng mabubuting bagay na mayroon ka, kaya kailangan mong ingatan ang iyong pangako at mga panata sa Kanya, at sa gayon ay itatag ka Niya at itatag ang iyong pamilya at mga inapo.

Ang lahat ng umalis sa simbahan at hinila ang mga tao mula sa Simbahan ng Dios, at nagdulot ng mga pagkakabaga-bagahi, dahil ayaw nilang ibigay pagkatapos nilang tinanggap ang mabubuting pangako sa Dios; sa halip nais nilang gawin ang kanilang pansarili. Ngunit haharapin nila, at tiyak na magkakaroon sila ng naisip ni Jacob. Kaya huwag kayong gumawa ng gayong kasamaan, at kung kayo ay kabilang sa gayong mga tao, pinapayuhan ko kayo sa payo na ito na magsisi at amyendahan ang inyong mga lakad at bumalik sa Iglesia ng Diyos, at maging handang sumunod at manatili sa turo na ibinigay ng Diyos sa Kanyang simbahan at tuparin ang inyong mga panata at pangako sa Diyos.

Maaring mong sabihin ginawa ni Jacob ang pangakong iyon dalawampung tao na ang lumipas at ngayon nang kailangan niyang bumalik buhay kay laban, nakalimutan na niya ang ipinangako sa Dios, kaya paanong siya ay may pananagutan sa kanyang mga panata? Pakiusap makinig kayo sa akin; kung ano ang iyong sinasabi ay hindi tama, dahil ipinaalala ng Dios kay Jacob bago siya pabalikin mula sa Haran pagtungong Canaan tungkol sa panata na ginaa niya sa Dios upang tuparin niya ito kapag siya ay bumalik. Ating basahin: ***"1 At narinig ni Jacob ang mga salita ng mga anak ni Laban, na nagsisipagsabi, Kinuha ni Jacob ang lahat ng sa ating ama; at doon sa mga sa ating ama ay tinamo niya ang buong karangalang ito. 2 At minasdan ni Jacob ang mukha ni Laban, at narito't hindi sumasa kaniyang gaya ng dati. 3 At sinabi ng Panginoon kay Jacob, Magbalik ka sa lupain ng iyong mga magulang, at sa iyong kamaganakan; at ako'y sasaiyo. 4 At si Jacob ay nagsugo at tinawag si Raquel at si Lea sa bukid, sa kaniyang kawan, 5 At sinabi sa kanila, Nakikita ko ang mukha ng inyong ama, na hindi sumasaakin na gaya ng dati; datapuwa't ang Dios ng aking ama ay sumaakin. 6 At nalalaman ninyo, na ang aking buong lakas ay ipinaglingkod ko sa inyong ama. 7 At dinaya ako ng inyong ama, at binagong makasangpu ang aking kaupahan; datapuwa't hindi pinahintulutan siya ng Dios, na gawan ako ng masama. 8 Kung kaniyang sinabing ganito, Ang mga may batik ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y nanganganak ang lahat ng kawan ng mga may batik: at kung kaniyang sinabing ganito, Ang mga may guhit ang magiging kaupahan mo; kung magkagayo'y ang lahat ng kawan ay manganganak ng mga may guhit. 9 Ganito inalis ng Dios ang mga hayop ng inyong ama, at ibinigay sa akin. 10 At nangyari, na sa panahong ang kawan ay naglilihi, ay itiningin ko ang aking mga mata, at nakita ko sa panaginip, at narito, ang mga kambing na lalake na nakatakip sa kawan ay mga may guhit, may batik at may dungis. 11 At sinabi sa akin ng anghel ng Dios, sa panaginip, Jacob: at sinabi ko, Narito ako. 12 At kaniyang sinabi, Itingin mo ngayon ang iyong mga mata, tingnan mo na ang lahat ng kambing na natatakip sa kawan ay may guhit, may batik at may dungis: sapagka't aking nakita ang lahat na ginagawa sa iyo ni Laban. 13 Ako ang Dios ng Betel, na doon mo pinahiran ng langis ang batong pinakaalaala, at doon ka gumawa ng panata sa akin: ngayo'y tumindig ka, umalis ka sa lupaing ito, at bumalik ka sa lupaing pinanganakan sa iyo." (Genesis 31:1-13 KJV)*** Mula sa mga detalye sa talatang ito makikita natin na pinagpala nang higit ng Dios siya ngunit siya ay panatag at hindi handang tuparin ang ginawa niyang pangako sa Dios at binabalewala ang mga bagay bagay, kaya nga dumating sa kanya ang gayong kaguluhan. Bakit hindi tinupad ni Jacob ang kanyang panata? dahil sa kanyang kapanatagan at hindi handag ibalik ang ipinangako niya, at dahil may pera siya para gawin ang gusto niya ay binili niya ang lupang iyon sa Shechem. Bakit hindi tinanggap ng Dios ang dambana na itinayo niya sa Shechem? Dahil ang paraan ng pamumuhay sa Shechem ay hindi katangap-tanggap sa Dios; imoralidad, kamunduhan, mg adios diosan, mga pagkaalipin na kumakatawan sa mga singsing sa

tainga, atbp. Lahat ng umalis sa simbahan umalis sila matapos nilang magawa at magkaroon ng pera at magagawa nila ang gusto nila, kaya nilabag nila ang kanilang mga panata at pangako sa Diyos at sa Kanyang simbahan at nagsimulang mamuhay sa makamundong paraan; kahit sila ay naglilingkod sa Diyos ngunit sa makamundong paraan (pagdiriwang ng araw ng kapanganakan, kasintahang lalaki, kasintahang babae, pagkuha ng paglipat sa mga bansa sa kanluran, atbp). Lahat ng mga bagay na ito at ang iba pa ay hindi natin tinatanggap dito sa Simbahan ng Diyos, kaya nga sila umalis, pero tiyak kung ano ang nangyari kay Jacob ay mangyayari din sa kanila, upang matututo sila kung paano matakot sa Diyos. Makinig simbahan, makinig mga manggagawa, makinig sa mga tumalikod at sa mga taong nagiging sanhi ng pagkakahati, at makinig kayong lahat na nasa malayo sa abot ng mensahe sa inyo:

- Si Jacob ay nanatili sa Shecem sa pagitan ng siyan hanggang sampung tai at sa isang buong magdamga kinuha siya palabas; dahil ang Dios ay maibigin at tapat sa Kanyang Salita.
- Si Lot ay nanatili sa Sodoma sa loob ng dalawpung taon at sa loob ng magdamag kinuha siya ng Dios; dahil ang Dios ay maibigin at tapat sa Kanyang Salita.
- Si Noemi ay nanatili sa Moab ng sampung taon ; batid natin kung anong nangyari sa kanyang pamilya, at sa loob ng isang gabi kinuha siya ng Dios; dahil ang Dios ay maibigin at tapat sa Kanyang Salita.
- Sa gayon, para iyong sarili pakinabang, magsisi sa iyong mga kasalanan, lumabas mula sa iyong kamundihan sapagkata ang Dios ay maibigin at tapat sa Kanyang Saliat, at kayang gawin iyon sa buong gabi Kaya ka niyang alisin sa lahat ng gayon.
- Magsisi sa iyong mga kasalanan, bilangin ang iyong mga pagpapala at maging tapat sa Dios; bumalik at tuparin ang iyong mga panata at ang iyong pananagutan sa Dios at sa simbahan ng Dios.

***"4 Pagka ikaw ay nananata ng panata sa Dios, huwag kang magliban ng pagtupad; sapagka't siya'y walang kaligayahan sa mga mangmang: tuparin mo ang iyong ipinanata.5 Maigi nga ang ikaw ay huwag manata, kay sa ikaw ay manata at hindi tumupad. 6 Huwag bayaan ang iyong bibig, na papagkasalanin ang iyong laman; at huwag ka mang magsabi sa harap ng anghel, na isang kamalian: bakit nga magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sisirain ang gawa ng iyong mga kamay?" (Mangangaral 5:4-6 KJV)*** Nang ipinangako ni Jacob ang kanyang sarili sa Dios at sa huli'y tinanggap ang buong mga pagpapala ng Dios at iningatan ang kanyang ipinangako. Ngunit nang siya ay hindi naging tapat inanyayahan niya ang mga kaguluhan sa kanyang buhay at sa mga kasapi ng kanyang pamliya; sa gayon ang Salitang ito ng Dios ay natupad, ***"6 Huwag bayaan ang iyong bibig, na papagkasalanin ang iyong laman; at huwag ka mang magsabi sa harap ng anghel, na isang kamalian: bakit nga magagalit ang Dios sa iyong tinig, at sisirain ang gawa ng iyong mga kamay?" (Mangangaral 5:6 KJV)*** Kaya maging maingat at maingat na magalit ang Dios, upang hindi mo siraan ang gawa ng iyong mga kamay.

***Sa aking mahal at minamahal:*** Panahon na para suriin mo ang iyong sarili at bumalik sa Diyos sa pagsisisi. Tumalikod sa mga kasalanan at isipin kung ano ang nangyayari sa iyong buhay at ang mga pagsubok na iyong pinagdadaanan. Galit ba sa iyo ang Diyos Nabigo ka bang tuparin ang ipinangako mo sa Kanya? Bumalik sa Dios habang ipinapaalala Niya sa iyo na lumusong ka pabalik kung saan ipinangako mo ang iyong sarili sa Kanya, bumalik sa Simbahan ng Diyos, bumalik sa maayos na turo, bumalik sa buhay ng kabanalan at pangako, bumalik upang sundin ang Kanyang Salita at gawin ang Kanyang kalooban.
Tayo ay manalangin….

***Ang aking Panalangin:*** *Amang Dios Ako ay lumalapit sa pangalan ni Jesus, na namatay sa krus para sa aking mga kasalanan at nabuhay na maguli mula sa namatay upang bigyan ako ng buhay na walang hanggan. Panginoon patawarin mo na hindi ko natupad ang aking ipinangako sa iyo* ___________.

*Ipahayag at talikuran ang lahat ng iyong mga kasalanan. Talikuran ang iyong kamunduhan, ang pagnanasa ng iyong mga mata at pagnanasa ng iyong puso. Talikuran ang iyong kasalanan ng pag alis sa Simbahan ng Dios, paga lis sa iyong paglilingkod at ministerio at ang pagkakahati na idinulot mo. Ipahayag ang iyong pamatok sa mga hindi mananampalataya, paggaa ng iyong sariling mga plano at kalooban. Talikuran ang kawalan ng pag iikapu at pagpigil sa iyong ikapu mula sa Simbahan ng Dios na nangangalaga sa iyo. Panginoon ako'y nagsisisi mula sa kamunduhan at sa mg sumusunod na mga kasalanan* ________________________________

*Panginoon, ngayon ay muli kong ipinangako ang aking sarili na itama ang mga bagay at gawin ang ipinangako ko sa aking sarili na gawin alinsunod sa iyong Salita at kalooban. Panginoon ipinagkakatiwala ko ang aking sarili na babalik sa iyo, ilagay ang Diyos na Panginoon sa aking buhay, bumalik sa Iglesia ng Diyos, at bumalik sa aking paglilingkod at ministeryo, at maging handang ikapu ang aking kita at ibigay ang lahat ng nararapat sa iyo at tuparin ang lahat ng aking mga panata.*

*Panginoon habang ako ay nagsisisi, itaguyod ako ng iyong biyaya, bigyan ako ng lakas at ibigay ng aking mga pangangailangan upang patuloy akong makapaglingkod sa iyo at mabuhay para sa iyo.*

*Panginoon dalangin ko para sa aking mga Kapatid na nagsisi sa kanilang mga kasalanan, at handang bumalik sa inyo, at sa inyong simbahan, upang matupad ang kanilang mga panata at panibagong pangako. Panginoon panumbalikin sila ng iyong biyaya at itatag silang ng iyong Salita at ibigay ang para sa kanila kung anong kailangan upang muli silang magsimula na maglingkod sa iyo at maging mabunga. Panginoon dalanginl ko ang iba na umalis sa simbahan at nagdulot ng pagkakabahabahagi, Panginoon hatulan sila sa pamamagitan ng iyong Salita at hayaan silang matakot sa iyo, na magsisi at bumalik sa iyo at sa iyong simbahan bago pa man mahuli ang lahat. Panginoon harapin mo sila gaya ng pagharap mo kina Jacob, Lot at Noemi at magkatotoo ang iyong Salita sa kanilang buhay at harapin nila ang mga bunga ng kanilang mga kasalanan sa paglabag sa kanilang mga panata sa iyo at sa iyong simbahan.*

*Panginoon salamat sa iyong Salita, Panginoon bigyan mo kami ng kapangyarihan na patuloy na ipadala ang iyong Salita sa mga taong malayo sa iyo upang balaan sila na magsisi, bumalik sa iyo at sa iyong simbahan. Panginoon bigyan kami ng kapangyarihan at puspusin kami ng Banal na Espiritu, at tulungan ang bawat isa at bawat tapat kasapi na mag evangelio at gumawa ng mga alagad at dalhin sila sa inyong mga paanan. Panginoon bigyang daan kami upang sanayin ang mas maraming mga manggagawa upang yumaon at maglingkod sa iyo. Panginoon dalangin ko na mas maraming lugar ang mabuksan sa pamamagitan ng Evangelio ni Jesus. Panginoon pagpalain kami, palawakin ang aming lupain, sumaamin nawa ang iyong kamay at ilayo kami sa kapahamakan upang hindi namin madama ang sakit. Nawa ang biyaya ng Panginoong Jesus at ang pagibig ng Dios at ang pakikipagpisan ng Banal na Espiritu ay sumaating lahat sa pangalan ni Jesus, Amen.*

Ang Pagkatakot sa Dios Yugto 10. Pagtupad sa Iyong mga Panata Sa Diyos. Mga Awit 61:1-8. Lucas 6:46. Mga Awit 65:1-2. Genesis 28:10-22. Genesis 33:17-20. Genesis 34. Genesis 35:1-7. Genesis 31:1-13. Mangangaral 5:4-6.

Dr.Ramiz Khalaf
Ang Tagapamahala ng Simbahan
Simbahan ng Diyos
United Arab Emirates
Email: thebread1@gmail.com
Mobile Tel.#: 00971551902647

Tandaan: Ang Tinapay ng buhay ay lingguhang paghahayag mula sa Simbahan ng Diyos, United Arab Emirates. Sa karagadagang usapin at higit sa espiritual na pagpapalago maari mo kami bisitahin sa aming website sa: www.churchofgoduae.com

Ibahagi mo ito sa iyong mga kaibigan.

Nakikiusap ako na ibahagi mo sa amin ang iyong saloobin tungkol sa mensahe at

kung mayroon kang katanungan.

Kung mayroon kang kahilingan na panalagin, maari mong ipadala sa numero ng whatsapp: 00971551902647, o sa email na ito: thebread1@gmail.com.

Pakipadala ng iyong ikasapung bahagi, iyong unang bunga at iba ibang handog sa simbahan sa account na ito:

Pangalan ng Banko:
First Abu Dhabi Bank (FAB)
ACCOUNT NAME:
RAMIZ BAHNAM ABBO KHALAF
ACCOUNT NO:
1576003753162014
IBAN:
AE3803151576003753162014
SWIFT CODE:
NBADAEAACPU

O tawagan ako sa whatsapp numerong ito: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com

Kung kailangan mo ng payo sa bahagi ng iyong buhay, kung ito'y tungkol sa pamilya, mga anak at pinansyal, malaya kayo makipagugnayan sa akin sa whatsapp na numerous: 00971551902647 o sa email na ito: thebread1@gmail.com